Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION IV-A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF BIÑAN CITY

# KABISAAN NG ELECTRONIC STRATEGIC INTERVENTION MATERIAL (E-SIM) SA AKADEMIKONG PAGGANAP SA ASIGNATURANG FILIPINO NG IKASAMPUNG BAITANG NG BIÑAN INTEGRATED NATIONAL HIGH SCHOOL





**ERICKA MAE C. BRIMON**
Teacher I
Biñan Integrated NHS

**MISCHELLE J. MENDOZA**
Teacher I
Biñan Integrated NHS

**MARJORIE S. ESPINA**
Teacher I
Biñan Integrated NHS

## ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang antas ng kabisaan ng paggamit ng E-SIM o Strategic Intervention Material sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Ang E-SIM ay isang paraan ng pagtuturo at pagkatuto na nakabatay sa teorya ng maramihang intelihensya at integratibong diskarte. Ito rin ay naglalaman ng mga teksto, larawan, gawain, at rubriks na nakabase sa kurikulum ng Filipino 10. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng T-Test upang matukoy ang antas o lebel ng kabisaan ng E-SIM gamit at pre-test at post-test sa mga piling mag-aaral. Ginamit nila ang pre-test at post-test upang masukat ang pagbabago sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Ang mga resulta ay nagpapakita na may makabuluhang pagtaas sa antas ng mga mag-aaral na gumamit ng E-SIM kumpara sa pre-test nito. Ibig sabihin, ang E-SIM ay epektibo sa pagpapaunlad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang E-SIM ay nakatulong sa mga mag-aaral na mapahusay ang kanilang bokabularyo, gramatika, retorika, at estilo sa pagsulat. Ito rin ay nakapagbigay din ng interes at aliw sa mga mag-aaral habang sila ay nagsusulat.

Sa konklusyon, nagpapahayag na ang E-SIM ay isang mabisang paraan upang matugunan ang iba't ibang estilo, interes, at kakayahan ng mga mag-aaral. Ang E-SIM ay nagbibigay din ng oportunidad para sa mga mag-aaral na matuto ayon sa kanilang sariling bilis at antas. Ang E-SIM ay nagbibigay din ng hamon at gantimpala para sa mga mag-aaral na nais magpakita ng kanilang pagsisikap at pag-unlad. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay din ng ilang rekomendasyon para sa guro, mag-aaral, at susunod na mananaliksik na nais gumamit o mag-aral pa tungkol sa E-SIM.

## INTRODUCTION

Nakasaad sa K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino Baitang 1-10 na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon na layunin sa pagtuturo ng Filipino ay malinang ang (1) kakayahang komunikatibo, (2) replektibo / mapanuring pag-iisip at, (3) pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig. Ang mithiin na ito ang kinakailangan upang magkaroon ng kalidad na pagkatuto ang mga mag-aaral sa kasalukuyan. Sa ikatatamo ng mithiing ito, kailangan ng mga kagamitang panturo ng mga guro bilang suporta sa kurikulum na magmumula sa administrasyon, ahensiyang panlipunan, pribado at publiko, pamahalaang lokal, midya, tahanan at iba pang sektor ng lipunan. Hindi lamang sa loob ng silid-aralan ang suporta na kailangan kundi sa lahat ng sektor upang mapabilis ang pag-unlad at ikahuhusay ng mga mag-aaral sa ngayon.

Inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyon ang adbokasiyang Sulong EduKalidad taong 2019 para sa dekalidad na edukasyon na naglalayong maihatid ang lahat ng nararapat at pangangailangan ng batang Pilipino sa usaping edukasyon. Ayon kay DepEd Secretary Leonor Briones sa naganap na 43rd Cabinet Meeting, ang pagsulong sa dekalidad na edukasyon ay mapagtatagumpayan sa pangunguna ng mga guro at suporta mula sa pamahalaan at bayan. Sa pagpasok ng taong pampanuruan 2020-2021, ipinagpatuloy ng Kagawaran ng Edukasyon ang adbokasiyang Sulong EduKalidad sa kabila ng pakikibaka ng daigdig sa Covid-19. Inilathala sa opisyal na Website ng kagawaran na sa pagpapatuloy ng pag-aaral, haharapin ito nang may kahabagan, sensibilidad at pagiging makabayan na hindi isinaalang-alang ang kalidad ng edukasyon, kaligtasan ng mga guro, mag-aaral at maging ng mga magulang. Batay sa DepEd Order No. 12, s. 2020, Distance Learning ang pinakamabisa at angkop na pamamaraan ng pagtuturo sa Panahon ng Pandemya. Upang hindi maging pabigat sa mga magulang at mag-aaral ang kasalukuyang pag-aaral, ang Self Learning Modules (SLMs) na gagamitin ng mga mag-aaral ay ihahanda ng mga guro ng printed o digital depende sa pipiliin at kakayahan ng mag-aaral. Malaking hamon man sa mga guro ang mabisang kagamitan at pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino sa Bagong-Normal ay likas naman sa kanila ang pagtanggap sa anumang hamon at mas nananaig ang bokasyon sa kanilang napiling propesyon. Ipinahayag ni Cabigao (2021) na ang pagiging masaya sa serbisyo bilang guro at ang pagiging masaya sa klase ay magbubunga ng ibayong kahusayan sa pagtuturo.

Ang pakikinig, pagbasa, pagsulat, pagsasalita at panonood ang magiging pundasyon sa malawak na pang-unawa at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ito ang Makrong Kasanayan sa pagtuturo ng Filipino na sa loob ng tahanan ay unti-unting natututuhan sa tulong ng mga magulang at patuloy na nililinang ng mga guro sa paaralan. Anuman ang husay ng mga pamamaraan at kagamitan ng guro sa pagtuturo, huwag pa rin nating kalilimutan ang malaking ambag ng mga magulang at ng tahanan sa lubos na pagkatuto ng mga mag-aaral. Habang tayo ay nagpapakahusay sa pagdukal ng karunungan sa larangan ng pagtuturo, alalahanin natin na ang pakikipag-ugnayan ng guro sa tahanan ng mga mag-aaral ay isang mahalagang estratehiya upang patuloy na mahikayat ang mga mag-aaral na makatugon sa mga pangangailangan ng kanilang mga asignatura sa paaralan. Ang pakikilahok ng mga magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak ay lubhang mahalaga (Cabigao, 2014). Ang pakikilahok ng mga magulang ang isa sa mga pundasyon na kinakailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ngunit hindi lamang ang suport ang aspeto na kinakailangan kundi ang mga materyales na pang-edukasyon na gagamitin sa loob ng silid-aralan.

Isa sa mga pangunahing pangangailangan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay ang kagamitang pampagtuturo. Ang Strategic Intervention Material o SIM ay isang

kagamitan na angkop sa pagtuturo sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral. Ito ay lubos na nakatutulong upang ganap na mailipat ang kaalamang itinuturo sa mga mag-aaral. Itinuturing din itong makabagong interbensiyon na nagpapahintulot sa bawat mag-aaral na matuto sa kanyang sariling bilis at sadyang nababagay sa kanyang natatanging pangangailangan, kakayahan at interes. Ayon kay Cruz (2009), ang paghahanda at pagdebelop ng kagamitang pampagtuturo tulad ng Strategic Intervention Material (SIM) ay nakatutulong sa guro upang maipahatid ang mga kaalaman, saloobin, palagay at pagpapahalaga sa mga mag-aaral na makatutulong upang maging higit na konkreto, tunay, daynamik at ganap na pagkatuto sa panig ng mga mag-aaral. Magsisilbi itong kit para sa sariling pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat nagtataglay ito ng mga gawaing pampagkatuto na dapat matugunan ng mga mag-aaral (Lardizabal, 2008). Ito ay isang mahalagang elemento sa kurikulum at kadalasa'y itinuturing na pinakamatibay at buhay na ebidensiya maging ito man ay kagamitang komersyal o ginawa ng guro (Russel, 2008). Totoong maraming ginagampanan ang isang kagamitang pampagtuturo (Remillard & Heck, 2014). Nagsilbi itong hanguan ng mga gawain na magagamit sa pagsasanay ng mga kasanayang nilalayong linangin sa panig ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral ring ito ay matutulungan ang mga gurong nasa larangan ng pagtuturo sa pagpapaunlad at paglinang ng kasanayan ng kanilang mga mag-aaral at maging higit na sistematiko ang kanilang pagtuturo. Maging daan sa mga mag-aaral na malinang at mapaunlad ang kanilang pagbasa. Tunay na mahalaga ang pag-aaral na ito lalo na sa mga paaralang may kakulangan sa mga angkop at napapanahong kagamitan tulad na lamang ng libro lalo na sa mga pampublikong paaralan, tulad na lamang ng paaralang pinaglilingkuran ng mananaliksik. Sa huli, nakakamit ng mga mag-aaral ang nilalayong mithiing mga kaalaman at mga kasanayan sa larangan ng Filipino na makatutulong sa paghubog ng kanilang pagkatao. Habang nalilinang nito ang kasanayan sa mapanuring pagbasa, nalilinang rin nito ang iba't ibang kasanayan tulad ng kolaborasyon (collaboration), komunikasyon (communication), mapanuring pag-iisip (critical thinking), at malikhaing pag-iisip (creative thinking) na siyang isinasaad ng 4C's ng makabagong kurikulum.

Mula sa pag-aaral ring ito ay matutugunan ang pangangailangan ng mga gurong nasa larangan ng pagtuturo sa pagpapaunlad at paglinang ng kasanayan ng kanilang mga mag-aaral at maging higit na sistematiko ang kanilang pagtuturo dahil may sinusunod itong instruksyon. Maging daan sa mga mag-aaral na malinang at mapaunlad ang kanilang akademikong pagganap. Tunay na ang pag-aaral na ito ay mahalaga lalo't higit na sa mga paaralang may kakulangan sa mga angkop at napapanahong kagamitan tulad na lamang ng libro at gadyets o kompyuter lalo na sa mga pampublikong paaralan, tulad na lamang ng paaralang pinaglilingkuran ng mananaliksik. Sa huli ay tutuklasin ng pag-aaral na ito ang kabisaan ng elektronikong estratehiyang pang-interbensyong kagamitan (E-SIM) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang ng Biñan Integrated National High school upang matulungan ang mga mag-aaral sa pagtaas ng kalidad ng edukasyon mula sa inilunsad ng Kagawaran ng Edukasyong adbokasiyang Sulong EduKalidad noong taong 2019. Sa gayon, walang mag-aaral ang maiiwan dahil sa angkop na mga tagubilin at interbensyon ay ibinibigay upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat mag-aaral.

## METHODOLOGY

Ang pananaliksik na ito ay ukol sa kabisaan ng Electronic Strategic Intervention Material (E-SIM) sa akademikong pagganap sa asignaturang Filipino sa mga mag-aaral ng Baitang 10 ng Biñan Integrated National High school.

Upang mapili ang bilang ng mga respondente sa ginawang pananaliksik, gumamit ng Random sampling sa pagkuha ng mga respondenete upang maging madali ang pagkuha ng mga datos para sa isasagawang pananaliksik. May dalawampu't lima (25) na lalaki at dalawampu't lima (25) na babae na

may kabuuang bilang na limampu (50) sa asignaturang Filipino 10 sa Biñan Integrated National High school.

Ang Electronic Strategic Intervention Material sa Filipino ay madaling unawain at naglalaman ng mga gawaing kawili-wili. Ang nilalaman nito ay ang paksa na ukol sa unang aralin ng ikaapat na markahan sa asignaturang Filipino sa Baitang 10. Mangangalap ng mga kinakailangang datos ang mga mananaliksik sa pamamagitan ng survey questionnaire. Magsasagawa rin ng pre-test at post-test ang mga mananaliksik upang matukoy ang naging antas ng mga respondente sa isinagawang pananaliksik. Bago ang aktuwal na pangangalap ng datos, ang mga mananaliksik ay gagawa ng liham-pahintulot para sa pagsasagawa ng pananaliksik at pagsisiyasat mula sa punongguro ng Biñan Integrated National High school. Ang survey questionnaire ay mailalabas lamang matapos ang pagpapatibay ng nasabing liham-pahintulot. Personal na ipamamahagi ang mga kwestyuneyr at muli itong lilikumin. Isasagawa ang pre-test at post-test sa mga piling mag-aaral. Matapos ang paglikom ng mga datos ay tutuusin at itatala na ang paghahanay ng istatistikal na analisis para sa isinagawang pananaliksik.

**RESULTS**

Ang mga datos ay inayos, pinag-uri at sinuri gamit ang mga angkop na instrumentong pang-istatistika at mga proseso.

Pinakita sa talahanayan 1 ang kabisaan ng Electronic Strategic Intervention Material o (E SIM) mula sa isinagawang pre-test na nagresulta sa ”MAHINA” batay sa berbal na interpretasyon.

Naipakita sa Talahanayan 2 ang antas ng kabisaan ng paggamit ng E-SIM mula sa isinagawang post-test na nagresulta sa ”MAY PAG-UNLAD” batay sa berbal na intertretasyon.

Ipinakita sa talahanayan 3 na may pagkakaiba sa performans kung pagbabasehan ang kanilang pre-test at post-test na (<0.000) Significant.

Ayon sa pag-aaral nina Bruma at Marbella (2019), natuklasan na may makabuluhang pagtaas sa antas ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa ika-pitong baitang na gumamit ng E-SIM kumpara sa mga hindi gumamit nito. Ang kanilang binuong E-SIM ay batay sa teorya ng maramihang intelihensya at integratibong diskarte. Sinuri nila ang antas ng epektibidad ng E-SIM batay sa pagsusuri ng mga guro at mag-aaral, at lumabas na napakaepektibo nito bilang kagamitan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat.

Sa isa pang pag-aaral nina Dioneda at Marbella (2019), ginamit nila ang isang aplikasyon na tinawag na “Basa-Pang-unawa App” bilang isang uri ng E-SIM na tumutulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagbasa at pang-unawa. Ang aplikasyon ay naglalaman ng mga teksto, tanong, sagot, at clues na nakabase sa kurikulum ng Filipino 7. Ginamit nila ang Solomon’s Four Group Design upang masubok ang epekto ng aplikasyon sa performans ng mga mag-aaral. Natagpuan nila na may makabuluhang kaibahan sa antas ng pang-unawa ng mga mag-aaral na gumamit ng aplikasyon kumpara sa mga hindi gumamit nito. Bukod dito, may lubhang mataas na antas ng pagtanggap ang aplikasyon mula sa pananaw ng mga guro at mag-aaral.

Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang paggamit ng E-SIM ay isang mabisang paraan upang mapataas ang kabisaan ng performans ng mag-aaral sa iba’t ibang asignatura. Ang E-SIM ay nagbibigay ng oportunidad para sa mga mag-aaral na matuto ayon sa kanilang estilo, interes, at kakayahan. Ang E-SIM ay nagbibigay din ng hamon at aliw sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

**DISCUSSION**

Ang pag-aaral na ito ay nagbigay ng iba't ibang epekto hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa mga guro at iba pang mananaliksik. Ang E-SIM ay nakatulong sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang performans sa iba't ibang asignatura, lalo na sa mga may mahina o mababang antas ng kasanayan o kaalaman. Ang E-SIM ay nakatulong sa mga mag-aaral na mapahusay ang kanilang bokabularyo, gramatika, retorika, estilo, pagbasa, pang-unawa, pag-iisip, at iba pang aspeto ng pagkatuto.

Ang E-SIM rin ay nakatulong sa mga mag-aaral na matuto ayon sa kanilang sariling estilo, interes, at kakayahan. Nagbigay rin ito ng iba't ibang gawain at katanungan na nakabatay sa teorya ng maramihang intelihensya at integratibong diskarte. Nagbigay din ng oportunidad ang E-SIM para sa mga mag-aaral na makapagpahayag ng kanilang sarili at makapagpakita ng kanilang husay at malikhaing pag-iisip.

Ito rin ay nakatulong sa mga mag-aaral na maging mas aktibo, masigasig, at masaya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Isang hamon at gantimpala para sa mga mag-aaral na nais magpakita ng kanilang pagsisikap at pag-unlad at nagbigay din ng interes at aliw sa mga mag-aaral habang sila ay nagsasagawa ng mga gawain at katanungan.

Ito ay isang epektibong kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto na may positibong impact sa pag-aaral ng mga mag-aaral at nagbibigay ng kaalaman, kasanayan, at kasiyahan sa mga mag-aaral. Ang E-SIM ay isang patunay na ang pagtuturo at pagkatuto ay hindi lamang tungkol sa pagbibigay at pagtanggap ng impormasyon, kundi pati na rin sa paglikha at pagpapahalaga ng kaalaman.

**ACKNOWLEDGEMENTS**

Bago ang lahat, nais naming iparating ang taos-pusong pasasalamat sa Panginoon. Kung hindi dahil sa kadakilaan Mo ay hindi namin matatapos ang pananaliksik na ito.

Ang pagkumpleto ng aksyon-pananaliksik na ito ay naging posible dahil sa hindi matatawarang suporta ng mga sumusunod na mga tao na handang mag-alay ng kanilang suporta.

Ang kanilang kaalaman at kahusayan ay nagsilbing inspirasyon sa amin upang matapos ang pag-aaral na ito.

Para kay Oliver P. Caliwag, punongguro III BINHS sa kaniyang walang sawang suporta upang makumpleto ang aksyon-pananaliksik na ito.

Para kay Arlene D. Candelaria, tagapayo sa Estatistika, dahil sa kaniyang kabuitihan at sa kaniyang kontribusyon sa mga tuntunin ng istatistikal na aspeto.

Para kay Ana Maria C. De Guzman, ang aming tagapayo, sa kaniyang gabay, kahusayang propesyunal, pakikiisa at pagbibigay ng payo upang matapos ang pananaliksik na ito.

Para kay Violeta P. Fernandez, sa panahon at pagsisikap para maitama ang mga gramatikang pagkakamali upang maging posible ang pananaliksik na ito.

Para kay Annalyn Decena, bilang kaagapay sa pagbuo ng E-SIM na kung saan ay isa sa naitalakay na leksyon na nakapagbigay ng daan upang matapos ang pananaliksik na ito.

Sa lahat ng guro sa ikasampung baitang ng Biñan Integrated National High school para sa kanilang suporta at pagtulong sa aksyon-pananaliksik.

Sa lahat ng respondente sa baitang sampu sa Biñan Integrated National High school para sa kanilang suporta at pagtulong sa pre-test at post-test ng pananaliksik na ito at upang maging matagumpay ito.

Para sa mga hindi namin nabanggit, maraming salamat sa inyong lahat.

**REFERENCES**


*Cruz, M.L. (2009) "Linangan IV Wika at Panitikan" IBON Foundation Inc.*

*Lardizabal, M. (2008). Material Development in Language Teaching.*

*Remillard, J. T., & Heck, D. J. (2014). Conceptualizing the curriculum enactment process in mathematics education. Zdm, 46(5), 705718.https://link.springer.com/article/10.1007%2Fs11858-014-0600-4*

*Cabigao, J. R. (2012). Saloobin at Mungkahing Pagbabago sa Nilalaman ng 2009 Gabay sa Ortograpiyang Filipino (Perception and Proposed Change on the Content of the 2009.Manual of Orthography in Filipino). https://www.researchgate.net/publication/337110977_Saloobin_at_Mungkahing_Pagbabago_sa_Nilalaman_ng_2009_Gabay_sa_Ortograpiyang_Filipino_Perception_and_Proposed_Change_on_the_Content_of_the_2009_Manual_of_Orthography_in_Filipino*

Cabigao, J. R. (2014). Improving Pupils' Academic Performance Through Strengthened School-Home Partnership. https://www.researchgate.net/publication/337111225_Improving_Pupils%27_Academic_Performance_Through_Strengthened_School-Home_Partnership